

# Pagsasanay sa Filipino

© 2012 Pia Noche, www.samutsamot.wordpress.com

Pangalan \_\_\_\_\_ Petsa \_\_\_\_\_ Marka       
20

## Mga sagot sa Pagpili ng tamang pandiwa

*Panuto:* Salungguhitan ang pandiwa na bubuo sa pangungusap. Pumili mula sa mga pandiwa sa loob ng panaklong.

1. Minamasdan ni Lola ang mga apo niyang (naglaro, naglalaro, maglalaro) sa bakuran.
2. Humingi ng meryenda si Allan kaya (binigyan, binibigyan, bibigyan) ko siya ng turon.
3. Ikaw ba ang (gumuhit, gumuguhit, guguhit) ng larawang ito? Napakaganda ng gawa mo!
4. Magpapahinga muna ako nang sandali dahil (sumakit, sumasakit, sasakit) ang ulo ko.
5. Ang tatay mo ay (tumawag, tumatawag, tatawag) bukas nang alas otso.
6. Pinulot ni Sam ang mga manggang (nahulog, nahuhulog, mahuhulog) sa ilalim ng puno.
7. Magsisimba ako mamaya. (Sumama, Sumasama, Sasama) ba kayo sa akin?
8. (Natulog, Natutulog, Matutulog) pa ang sanggol kaya huwag kayong maingay.
9. (Nagsimula, Nagsisimula, Magsisimula) na ang sine. Hindi natin nakita ang umpisa nito.
10. Si Tatay ang nagluluto dahil (naglaba, naglalaba, maglalaba) pa si Nanay.
11. May adobong manok at pritong manok kami. Ano ang (pinili, pinipili, pipiliin) mo?
12. Kanina ko pa hinahanap ang susi ko. (Nakita, Nakikita, Makikita) mo ba?
13. Maghanda na kayo at (binasa, binabasa, babasahin) natin ang unang kabanata.
14. Hindi na po kami gutom dahil (kumain, kumakain, kakain) na po kami ng almusal.
15. Naririnig mo ba ang taong (nagsalita, nagsasalita, magsasalita) sa entablado?
16. Ano ang (inawit, inaawit, aawitin) natin sa darating na Buwan ng Wika?
17. (Nagluto, Nagluluto, Magluluto) ng msasarap na tsampurado si Lola Ester kahapon.
18. Nauunawan mo ba ang (sinabi, sinasabi, sasabihin) ko sa iyo?
19. (Nag-aral, Nag-aaral, Mag-aaral) ako nang mabuti mamayang gabi para sa pagsusulit.
20. (Nagpasalamat, Nagpapasalamant, Magpapasalamat) po kami sa lahat nang nanood ng programa namin. Sana po ay nasiyahan kayo.